

IKA-7 NG NOBYEMBRE, 2023 ESPESYAL NA ELEKSYON

Mga Madalas na Katanungan (FAQ's)

MGA IMPORTANTENG PETA

Ika-28 ng Setyembre, 2023	Ang mga Pamplet ng Impormasyon para sa Botante ay magsisimulang ipadala sa mga rehistradong botante na naninirahan sa distrito.
Ika-8 ng Oktubre, 2023	Ang mga balota ay sisimulang ipakoreo sa mga rehistradong botante na naninirahan sa distrito.
Ika-9 ng Oktubre, 2023	Ang pagboto sa-opisina ay magsisimula sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante (Lunes – Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon).
Ika-10 ng Oktubre, 2023	Ang opisyal na mga ballot drop box ay available hanggang sa huling araw ng pagboto, Ika-7 ng Nobyembre. Isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang magiging available sa pahina ng Impormasyon ng Eleksyon sa sdvote.com.
Ika-23 ng Oktubre, 2023	Deadline upang magparehistro para makaboto.
Ika-24 ng Oktubre – Ika-7 ng Nobyembre	Panahon ng Kondisyonal na Pagpaparehistro ng Botante (Conditional Voter Registration). Kung kayo ay lumampas sa deadline ng rehistrasyon, maaari pa din kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal sa opisina ng Tagapagrehistro o sa alinmang vote center sa buong county.
Ika-28 ng Oktubre, 2023	Piling mga vote center ang bukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon na nagbibigay sa botante ng sampung magkakasunod na araw ng maagang pagboto. Isang listahan ng mga lokasyon at locator map ang magiging available sa pahina ng Impormasyon ng Eleksyon sa sdvote.com.
Ika-7 ng Nobyembre, 2023	Huling Araw para bumoto! Lahat ng mga vote center, opisyal na mga ballot drop box ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.
Ika-7 ng Disyembre, 2023	Deadline para masertipika ang eleksyon. <i>*Maaaring maganap ang sertipikasyon sa mas maagang panahon.</i>

1. ANONG MGA ELEKSYON ANG GAGANAPIN SA IKA-7 NG NOBYEMBRE, 2023?

Mayroon apat na espesyal na eleksyon na naka-iskedyul para sa Ika-7 ng Nobyembre. Kayo ay dapat nakatira sa isa sa mga sumusunod na mga lugar sa ibaba upang makilahok sa paparating na espesyal na eleksyon.

Ang espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ay upang punan ang bakanteng puwesto sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ng County para sa natitirang

kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero 2027. Tanging mga botante lamang na naninirahan sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito ang maaaring makilahok sa eleksyon.

Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Ikaapat na Supervisorial na Distrito? I-click [dito](#) upang malaman.

Ang **espesyal na eleksyon sa Lungsod ng Chula Vista** ay upang punan ang [bakanteng puwesto para sa Abogado ng Lungsod](#) para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Disyembre 2026. Tanging mga botante lamang na naninirahan sa Lungsod ng Chula Vista ang maaaring makilahok sa eleksyon. Kung walang kandidatong makakatanggap ng mayoryang boto sa eleksyong ito, isang espesyal na run-off na eleksyon ang gaganapin.

Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa Lungsod ng Chula Vista? I-click [dito](#) para malaman.

Para sa mga espesyal na eleksyon ng Distrito ng Fallbrook Public Utility at sa Munisipal na Distrito ng Tubig ng Rainbow, ang mga botante ay magkakaroon ng oportunidad na bumoto sa panukala sa balota. Tanging mga botanteng naninirahan lamang sa mga distritong ito ang maaaring makilahok sa eleksyon.

Hindi sigurado kung kayo ay nakatira sa distrito? I-click [dito](#) para malaman.

2. SAAN KO MAKIKITA ANG AKING PAMPHLET NG IMPORMASYON NG BOTANTE NG COUNTY PARA SA ESPEYAL NA ELEKSYON SA IKA-7 NG NOBYEMBRE?

Ang mga Pamphlet ng Impormasyon ng Botante ay sisimulang ipadala sa mga rehistradong botanteng naninirahan sa distrito sa Ika-28 ng Setyembre. Maaari din ninyong makita ang inyong pamphlet [dito](#) sa online.

3. MATATANGGAP KO BA ANG AKING OPISYAL NA BALOTA SA KOREO?

Oo. Ang bawat aktibong rehistradong botante na naninirahan sa distrito ay makakatanggap ng balota sa koreo para sa paparating na espesyal na eleksyon sa Ika-7 ng Nobyembre. Kung napanatili ninyong updated ang inyong impormasyon ng adres sa opisina ng Tagapagrehistro, dapat ninyong asahan na matatanggap ang inyong balota sa linggo ng Ika-8 ng Oktubre.

4. KAILAN ANG DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO SA ESPEYAL NA ELEKSYONG ITO?

Lunes, Ika-23 ng Oktubre ay ang deadline upang magparehistro para makaboto sa eleksyong ito.

Tandaan – kailangan ninyong kumpletuhin ang bagong porma ng rehistrasyon tuwing kayo ay lumipat, nagpalit ng inyong pangalan o nagpalit ng inyong preperensyang pulitikal na partido. Maaari kayong magparehistro sa online sa [sdvote.com](#).

Ang mga porma ng rehistrasyon ng botante ay available din sa Post Office, Department of Motor Vehicle at sa mga gusali ng aklatan, at ganun din sa iba't ibang mga opisina ng Klerk ng Lungsod at sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa 5600 Overland Avenue, San Diego CA, 92123.

5. PAANO KUNG LUMAMPAS AKO SA DEADLINE UPANG MAGPAREHISTRO PARA MAKABOTO?

Kung lumampas kayo sa Ika-23 ng Oktubre na deadline, maaari pa rin kayong magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal. Para gawin iyon, maaari ninyong bisitahin ang alinmang [vote center](#). Maaari rin ninyong bisitahin ang opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa County

ng San Diego mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes hanggang Biyernes. Sa oras na naproseso at napagpasyahan na ang inyong rehistrasyon ng botante ay karapat-dapat, ang inyong rehistrasyon ay magiging permanente. Pagkatapos, ang inyong binotohang probisyonal na balota ay mabibilang.

6. PAANO KO IBABALIK ANG AKING PAGBOTO-SA-KOREO NA BALOTA?

Hinihiling ng opisina ng Tagapagrehistro na kayo ay bumoto nang maaga! Markahan ang inyong seleksyon sa ginhawa ng inyong tahanan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob ng sobrang pagbabalikan, pirmahan ang inyong pangalan at petsahan ang sobre, at ibalik ito agad sa pinagkakatiwalaang source:

- Ibalik ito sa pamamagitan ng koreo para matanggap ito nang maayos bago ang Araw ng Eleksyon.
 - [Humanap ng U.S. Postal Service Collection Box \(Blue Box\) na malapit sa inyo.](#)
- Simula Ika-10 ng Oktubre, ibalik ito sa alinmang mga Opisyal na Ballot Drop Box ng Tagapagrehistro.
 - Isang locator map at kumpletong listahan ng mga opisyal na ballot drop box ang magiging available sa pahina ng Impormasyon ng Eleksyon sa [sdvote.com](#).

Maaari rin ninyong ibalik ito sa alinmang vote center simula sa Ika-28 ng Oktubre hanggang Ika-7 ng Nobyembre. Isang listahan ng mga lokasyon ng vote center ang magiging available sa [sdvote.com](#).

Ang mga sobrang pagbabalikan ng Pagboto-sa-Koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon at matanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas sa Ika-14 ng Nobyembre, 2023 para makonsidera na nabotohan nang nasa oras.

7. PAANO KO HAHANAPIN ANG VOTE CENTER NA MALAPIT SA AKIN?

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa county upang botohan ang inyong balota nang personal. Isang kumpletong listahan ng mga lokasyon ang kasama sa ipinadalang pamplet ng impormasyon ng botante sa inyong tahanan at maaari din ninyong makita ito online sa [sdvote.com](#).

Simula Sabado, Ika-28 ng Oktubre, piling mga vote center ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon. Sa Martes, Ika-7 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center ang magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

8. KAILANGAN BA NG COUNTY NG MGA MANGGAGAWA SA BOTOHAN?

Ang mga manggagawa sa botohan ay may mahalagang papel sa mga eleksyon at maaaring maglingkod sa kanilang komunidad habang kumikita ng kaunting pera. Upang maging isang manggagawa sa botohan, ang mga aplikante ay dapat na 18 taong gulang, isang mamamayan ng U.S. at nakarehistro para bumoto sa California, o legal na natanggap para sa permanenteng naninirahan sa United States.

Ang mga nagsasalita ng English na bilingguwal sa Arabic, Chinese, Filipino, Japanese, Korean, Laotian, Persian, Somali, Spanish, o Vietnamese ay kinakailangan para makapagsilbi bilang mga manggagawa sa botohan.

Kung kayo ay interesado na magsilbi sa inyong komunidad sa pamamagitan ng pagiging isang manggagawa sa botohan o nais lang na matuto nang higit pa, mangyaring bisitahin ang aming [pahina ng Maging isang Manggagawa sa Botohan](#) o tumawag sa (858) 565-5800.